# 소망의 여인들

## Prayer Calander

2025년 3월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao




**Panalangin para sa mga kababaihan ng kontinente ng Amerika**

Ang mga kababaihan ay pangunahing haligi sa pagbuo ng lipunan sa Mexico, pero ang mga kababaihan dito ay nahaharap sa mga hamon at suliranin. Kahit na ang pagkakaroon ng pagkakataon sa edukasyon ay napabuti, mayroon pa ring mataas na bilang ng mga natigil sa pag-aaral, karahasang seksual, mababang pagpapahalaga sa mga gawaing bahay at diskriminasyon sa trabaho. Sa paglulunsad ng TWR Women of Hope sa Mexico, naglalayon kami na matulungan ang mga kababaihan na makapagtatag ng lumalago at masiglang relasyon sa Diyos habang dinadala namin sa kanila ang panalangin at pagtuturo ng Salita ng Diyos. Nawa ang mga ito ay magdala ng kalayaan sa buhay ng mga kababaihan at makatulong upang maisakatuparan ang pagbabago ng kultura upang sila ay makapamuhay na buo ang pag-asa at may kakayahan na siyang unang plano ng Diyos para sa kanila.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니다.

1. Dalangin namin ang mga batang babae na ipinagbibili ng kanilang mga magulang sa mga trafficker. Pagalingin Mo ang kanilang mga sakit at palapitin Mo sila sa Iyo upang makilala Ka nila bilang kanilang mapagmahal at mapagmalasakit na Ama. (Rev. 21:4)

2. Panginoon, dalangin namin ang integridad at matapat na pag-ako sa mga pananagutan para sa mga pinuno ng Bonaire, at hinihiling namin na nawa ay mangibabaw ang katarungan sa pamamahala sa isla. (Prov. 29:2)

3. Jesus, ipinakita Mo sa amin kung paano ipamuhay ang maayos na buhay na may pagmamahal sa iba. Gisingin Mo ang mga Kristiano sa Brazil upang sumunod sa Iyo na may pagmamalasakit sa mga imigrante, mga refugee at mga katutubo. (John 13:34)

4. Ang mga katutubong kababaihan sa Canada ay nahaharap sa mataas na panganib ng pagkidnap at pagpatay. Panginoon, protektahan at pagalingin Mo sila at baguhin Mo ang puso ng mga gumagawa ng karahasang ito. (1 Pet. 3:12)

5. Panginoon, pagkalooban Mo nawa ng magandang trabaho at maayos na sweldo ang mga kababaihan sa Chile. Nawa ay mapahalagahan sila dahil sa kanilang mga talento at kakayahan. (Jer. 22:13)

6. Diyos, magkaroon nawa ng mga programa at ministeryo sa Costa Rica na magbibigay ng emosyonal, spiritual at praktikal na suporta sa mga kababaihan na nangangailangan, lalo na ang mga solong ina. (Gal. 6:2)

7. Panginoon, dinadalangin namin na nawa ay marami pang kababaihan sa Cuba ang makakilala kay Cristo at maidisipulo, upang sila ay maging buhay na patotoo ng Kanyang pag-ibig at biyaya. (John 8:31-32)

8. Ama, aliwin Mo ang mga nangibang bansa mula sa Dominican Republic dahil sa mga kadahilanang pang ekonomiya. Pagalingin Mo ang mga sakit na dala ng pisikal, emosyonal at spiritual na pagkakalayo mula sa pamilya at tahanan. (Ps. 34:18)

9. Sa Iyong kahabagan, Panginoon, tanggalin Mo nawa ang mga Kriminal na karahasan sa loob ng Mexico. Nawa ang mga mamamayan ay bumaling sa Iyo para manumbalik, makatanggap ng kaaliwan at seguridad na kanilang hinahanap. (Joel 2:25-26)

10. Panginoon, bigyan Mo ng pabor at biyaya ang aming grupo sa Paraguay sa pagbibigay nila ng mga panukala sa pambansang pamahalaan upang makatulong sa mga mahihinang kababaihan doon. (Ps. 5:12)

11. Maraming pamilya sa Uruguay ang nakatira sa bahay na walang tubig at kuryente. Diyos, bigyan Mo ang kanilang mga pinuno ng karunungan, at pagkukunan upang makapagpatayo ng maayos na tahanan, lalo na at sangkot ang mga bata. (Matt. 7:25)

**TWR Korea 북방선교방송**
서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

12. Ama, nawa ang Iyong Espiritu ng katotohanan ay makatulong sa batang kababaihan sa U.S. upang matuklasan nila na kay Jesus lamang matatagpuan ang kanilang tunay na pagkakakilanlan. (John 1:12)

13. Panginoon, namamagitan kami para sa kaligtasan ng mga kababaihan sa Venezuela na nahaharap sa karahasan sa loob ng tahanan, o kaya ay may kinalaman sa kasarian o pang-aabuso. Magdala ka Nawa ng katarungan at panunumbalik sa kanilang buhay. (Ps. 72:14)

14. Panginoon, dalangin namin ang paglago ng ekonomiya sa Bonaire upang ang mga Negosyo ay umunlad at makapagbigay ito ng pagkakataon na makapagtrabaho ang mga mamamayan. (Phil. 4:19)

15. Diyos, bigyan Mo ng karunungan at pagiging sensitibo ang aming grupo ng TWR Women of Hope sa Brazil sa kanilang paggawa ng mga nilalaman ng programa at stratehiya kung paano palaguin at isa-publiko ang ministeryo. (Col. 1:9)

16. Ang karamihan ng sex trafficking sa Canada ay nangyayari sa “Highway 401 corridor” ng Ontario. Panginoon, dalangin namin ang mga organisasyon na gumagawa upang labanan ang pananamantalang ito. (Ps. 82:3)

17. Panginoon, pagalingin Mo at palakasin ang mga kababaihan sa Chile na nahaharap sa karamdaman, stress, o pagkabalisa sa kanilang buhay at pamilya. (John 14:27)

18. Diyos, nawa ang mga Kabataang babae sa Costa Rica ay maturuan ng kagandahang asal ayon sa Kristianismo, upang makagawa sila ng matalinong desisyon para sa kanilang hinaharap at maganyak na tuparin ang kanilang layunin ayon sa kalooban ng Diyos. (Phil. 4:8)

19. Panginoon, bigyan Mo ng katiyagaan, karunungan at pagkamalikhain ang mga ina, kababaihan at mga guro sa Cuba sa kanilang pag gabay sa susunod na henerasyon. (Deut. 6:6-7)

20. Ang korapsyon sa gobyerno ay lumilikha ng kaguluhan at pang-aapi sa mga tao. Diyos, hayaan Mong ang Iyong liwanag ay mahayag at matanggal nawa sa pamumuno ang mga taong naglalayong isulong at itaguyod ang gayong kaguluhan sa Dominican Republic. (Ps. 7:9)

21. Panginoon, magdala Ka nawa ng Liwanag sa puso ng mga pamunuan sa Mexico, upang makapanguna sila nang may karunungan at pagkaunawa. (Prov. 9:10)

22. Ang mga kababaihan sa bilangguan ng Villarrica sa Paraguay ay nadidisipulo ng aming grupo bawat buwan. Nawa, sila ay magkaroon ng kaligtasan at lumago sa kanilang pananampalataya. Ama, protektahan Mo din sila mula sa mga lalaki na nasa loob din ng bilangguan iyon. (Prov. 3:29)

23. Panginoon, nawa ang mga magulang sa Uruguay ay makatagpo ng maayos na trabaho upang magkaroon sila ng sapat na perang pangtustos sa kanilang mga anak. Salamat sa mga eskwelahan na nagtuturo sa mga estudyante. (Ps. 145:15-16)

24. Ama, protektahan at pagalingin Mo ang mga babae na nasa kampus ng mga kolehiyo sa U.S. Sila ay sekswal na inaatake o pinagsasamantalahan. Magdala Ka nawa ng tunay na pagbabago sa mga patakaran ng kampus at sa puso ng mga salarin. (Isa. 60:18)

25. Diyos, pagkalooban Mo nawa ng makakain, gamot, at mahahalagang pangangailangan ang mga kababaihan sa Venezuela sa gitna ng kahirapan sa ekonomiya ng bansa. (Deut. 15:11)

26. Tumataas ang bilang ng populasyon sa Bonaire, at mayroong kakulangan saabot-kayang pabahay. Nawa, ang mga pamilya ay makahanap at makabayad ng isang lugar na matatawag na tahanan. (Ps. 127:1)

27. Ama, hinihiling namin na ang lahat ng korapsyon sa Brazil ay matanggal upang ang buong bansa ay pagpalain ng Kalayaan at kasaganaan. (John 8:36)

28. Diyos, nawa ang Iyong Espiritu ang gumabay sa mga Kristianong kababaihan sa Chile upang makapaglingkod sila sa kanilang mga Iglesya at komunidad nang may karunungan at pag-ibig upang positibo nilang maimpluensiyahan ang kanilang kapaligiran.. (1 John 3:18)

29. Panginoon, nawa ang mga kababaihan sa Cuba ay makapagsama-sama upang masuportahan ang bawat isa sa panalangin, pagkakaibigan at praktikal na pagtutulungan. (Acts 4:32)

30. Diyos, nawa ang mga pamunuan na umupo sa tungkulin noong nakaraang buwan sa Uruguay ay matakot sa Iyo at hanapin Ka para sa karunungan habang pinangungunahan nila ang bansa. (1 Tim. 2:1-2)

31. Panginoon, palakasin Mo nawa ang puso ng mga napapagal na ina sa U.S. Nawa, ang Iyong presensya at Salita ay mag-layo sa kanila mula sa lubusang pagkahapo. Ikaw ang pinanggagalingan ng tubig ng buhay upang maalis ang pagkauhaw ng kanilang kaluluwa. (John 4:13-14)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**